ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 2| February2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# SALAYSAY NG MGA GURONG TAGAPAGSANAY SA PANSANGAY NA "IISPEL MO!" SA PAGTUTURO NG ORTOGRAPIYANG FILIPINO: ISANG NARATOLOHIKAL NA PAG-AARAL

**Modessa M. Moninio, LPT [1], Shirrey Ian B. Abueva, Ph.D. [2]**
[1]*Master of Arts in Education, Major in Filipino, St. Mary's College of Tagum, Inc.*
*Graduate School Department, Tagum City, Philippines*
[2]*Master Teacher II, Atty. Rolando S. Rimando National High School, Maco, Davao de Oro*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra26133
**DOI No: 10.36713/epra26133**

## ABSTRACT
*Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwalitatibo at naratolohikal na disenyo upang galugarin, ilarawan, at maisalaysay ang mga kabiguan, tagumpay, at aral ng mga gurong tagapagsanay sa patimpalak na "Iispel Mo!" sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino. Tatlong gurong tagapagsanay mula sa pampublikong paaralan sa Lungsod ng Mati ang kalahok, na binigyang-palayaw na Maalab, Magiliw, at Mapagpunyagi. Lumabas na ang mga kabiguan ng mga tagapagsanay ay nauugnay sa kakulangan ng oras, mababang kumpiyansa at pag-unawa sa wika, pagkatalo sa kompetisyon, at kakulangan ng sariling kakayahan. Sa kabila nito, nakamit nila ang tagumpay sa pamamagitan ng mataas na marka ng mga mag-aaral, pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat at pagsasalita, paglago ng kumpiyansa, at aktibong pakikilahok sa klase. Mula sa mga karanasang ito, natutuhan ng mga kalahok ang pagkakaroon ng malinaw na layunin sa pagtuturo, pagiging malikhain at mapanuri, pagpapakita ng simpatiya sa mag-aaral, pagtataguyod ng pananagutan, at pagpapahalaga sa Wikang Filipino. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangang palakasin ang suporta at pagsasanay sa mga gurong tagapagsanay upang higit na mapaunlad ang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Ortograpiyang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *Kuwalitatibong Pananaliksik, Naratolohikal, Ortograpiyang Filipino, gurong tagapagsanay, "Iispel Mo!", pansangay na paligsahan, Sangay ng Lungsod ng Mati*

## INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa pagbaybay ay isang palatandaan ng pag-unlad sa ortograpiya at kakayahang pangwika, sapagkat ito ay isang sistematikong kasanayan sa nakasulat na wika na nangangailangan ng kaalaman sa gramatika at estruktura. Kasabay nito, ang paghubog ng kahusayan sa pagbaybay ay isang progresibong proseso na nangangailangan ng sapat na oras, masinsinang pagsasanay, at epektibong paggabay ng guro. Gayunpaman, patuloy na nahahamon ang mga guro sa pagbibigay ng angkop na pagtuturo at pagsasanay na tumutugon sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa ibang bansa, iniulat ni Almaiman (2022) sa Saudi Arabia na maraming guro ang kulang sa kaalaman sa ortograpiya, dahilan upang mag-alinlangan sila sa pagtugon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Katulad nito, sinuportahan nina Zhang at Xing (2023) sa China ang parehong obserbasyon, na naglalarawan ng pag-aalala ng mga guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbaybay ng mag-aaral. Samantala, sa Afghanistan, binigyang-diin nina Sultani at Himat (2021) ang kakulangan sa pedagogiya at nilalaman sa pagtuturo ng pagbaybay, partikular sa ponolohiya, morpolohiya, etimolohiya, at ortograpiya.

Sa Pilipinas, sa Gingoog City, Misamis Oriental, isiniwalat ng pag-aaral nina Cimagala et al. (2023) ang bigat na pasanin ng mga guro sa paghahanap at paggamit ng estratehiya sa pagpapaliwanag ng ortograpiya; sinuportahan ni Critica (2024) sa pag-aaral nina Kinley et al. (2023) ng Sultan Kudarat na ang kolonisadong pag-iisip at pagkahumaling sa banyagang wika ay naglilimita sa kaalaman ng mag-aaral sa Filipino.

Sa Lungsod ng Mati, partikular sa mga pampublikong paaralan na kalahok sa *"Iispel Mo!"*, itinuturing ng mga gurong tagapagsanay na hamon ang pagtuturo at pagkatuto ng ortograpiya, kaya kinakailangan ang tamang kaalaman at maingat na estratehiya upang matugunan ang kahirapan sa pagbaybay ng mga salitang Filipino. Bagaman may mga pag-aaral tungkol sa ortograpiya at kasanayan sa pagbaybay (Harsanti, 2020; Oakley & Oakley, 2020), ang mga ito ay higit na nakatuon sa pangkalahatang gamit ng ortograpiya at kahandaan ng guro. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong galugarin, ilarawan, at isalaysay ang karanasan ng mga gurong tagapagsanay sa pansangay na *"Iispel Mo!"* sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino gamit ang pamamaraang naratolohikal, upang matukoy ang suliranin at makabuo ng rekomendasyong magsusulong ng suporta, pagsasanay, at epektibong pagtuturo, at sa gayon ay higit pang mapabuti ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay ng mga mag-aaral.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilayon ng naratolohikal na pag-aaral na ito na galugarin, ilarawan, at isalaysay ang karanasan ng mga gurong tagapagsanay sa pansangay na paligsahan na *"Iispel Mo!"*, sa konteksto ng kanilang pagtuturo ng pagbaybay sa Ortograpiyang Filipino. Sinuri at pinagsikapang linangin ng pananaliksik ang mga personal na salaysay ng mga guro mula sa Sangay ng Lungsod ng Mati upang matuklasan ang kanilang tinig —mula sa pagkabigo at tagumpay hanggang sa mga aral na natutuhan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbaybay ng mga mag-aaral.

Sa puntong ito ng pananaliksik, ang "Iispel Mo!" ay nagpapahiwatig ng isang taunang palihan sa antas sangay ng Lungsod ng Mati na nakatuon sa pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino na naglalayong hasain at linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pag-ispel ng mga salita.

## MGA KATANUNGAN SA PAG-AARAL

1. Ano-ano ang mga salaysay ng pagkabigo at tagumpay ng mga gurong tagapagsanay sa pagtuturo ng ortograpiyang Filipino sa mga mag-aaral?
2. Ano-ano ang mga mahahalagang aral na natutuhan ng mga gurong tagapagsanay sa pansangay na "Iispel Mo!" sa pagtuturo ng ortograpiyang Filipino sa mga mag-aaral?

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong pamamaraan, partikular ang disenyong naratolohikal, na nakatuon sa masusing paggalugad at pagsalaysay ng mga karanasan ng mga kalahok (Smith, 2023). Tatlong (3) gurong tagapagsanay sa pansangay na patimpalak na "Iispel Mo!" ang pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng ortograpiyang Filipino, pagiging tagapagsanay nang hindi bababa sa tatlong (3) taon, at kasalukuyang pagtuturo sa alinmang distrito ng Sangay ng Lungsod ng Mati. Ang bilang ng mga kalahok ay naaayon sa rekomendasyon ni Creswell (2013), gaya ng binanggit sa pag-aaral nina Dahal et al. (2024). Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng malalimang panayam at isinailalim sa tematikong pagsusuri.

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

### Pagbuklat sa Kasanayan sa Pagbaybay

Ang pagbaybay ay isang pundamental na kasanayan sa wika na may tuwirang epekto sa literasiya, kabilang ang pagsasalita, pakikinig, pagbasa, at pagsulat (Mendoz, 2020). Ang wastong pagbaybay ay nagsisilbing salamin ng pag-unawa sa wika at mahalaga sa malinaw at epektibong pagpapahayag ng mga idea, lalo na sa mga gawaing akademiko. Ayon kina Bugtong et al. (2024), ang pagbabaybay ay isang kumplikadong kasanayan na nangangailangan ng kaalaman sa ponolohiya, morpolohiya, *visual memory, semantic relationships,* at iba pang aspekto ng kakayahang pangwika.

Sa larangan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, inilantad ni Treiman (2021) na bagaman natututuhan ng mga bata ang pagbabaybay sa pamamagitan ng pagbabasa, hindi ito sapat upang matamo ang kahusayan; kinakailangan pa rin ang sistematikong pagtuturo na nakabatay sa mga tuntuning pang-ortograpiya.

Mula sa perspektiba ng pagtuturo, iginiit nina Tavárez et al. (2021) na ang pagbabaybay—katulad ng pagbabasa at pagsusulat—ay kailangang tahasang ituro. Dahil dito, mahalagang maglaan ang guro ng sapat na oras para sa masinsinang pagsasanay at magtaglay ng malalim na kaalaman sa mga tuntuning pangwika. Kaugnay nito, ang *Manwal sa Masinop na Pagsulat* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF, 2014) ay naglalaman ng mga patnubay sa wastong baybay at ortograpiya ng wikang pambansa na naglalayong itama ang mga maling baybay, lalo na sa mga hiram, pinaikling salita, at mga bilang (Kinley et al., 2023).

### Kabiguan sa Pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino

Sa antas ng institusyon at pagpaplano ng wika, ipinakita ni Buendia (2021) na nagsagawa ang Komisyon ng Wikang Filipino ng malawak na pagsisiyasat sa ortograpiyang Filipino upang makabuo ng estandardisadong patnubay na maaaring gamitin hindi lamang sa Filipino kundi maging sa iba pang umiiral na wika sa loob ng paaralan. Ang mga patnubay na ito ay nagsilbing mahalagang gabay sa tamang pagsulat, batay sa kasalukuyang patakaran at masusing konsultasyon sa mga isyung kontrobersyal sa pagbabaybay.

Sa kabila ng mahalagang papel ng ortograpiya sa wastong pagbaybay at representasyon ng pasalitang wika, maraming guro ang patuloy na nahaharap sa iba't ibang kabiguan sa pagtuturo nito. Ayon kay Smith (2021), kabilang sa mga pangunahing suliranin ang kakulangan ng motibasyon ng mga mag-aaral, ang pagiging masalimuot ng mga tuntunin, at ang magkakaibang pangangailangan sa loob ng silid-aralan.

Higit pa rito, maraming guro ang nakararanas ng kakulangan sa kumpiyansa at kahandaan sa pagtuturo ng ortograpiya. Ayon kina Oakley at Oakley (2020) at Daffern at Mackenzie (2023), ang kakulangan sa sapat na pagsasanay ay nakaaapekto sa bisa ng pagtuturo. Idinagdag nina Almaiman (2022) at Caines (2022) na ang hindi pagkilala sa kahalagahan ng pagbabaybay ay lalo pang nagpapalala sa suliranin.

Samantala, ayon kina Daffern at Mackenzie (2023), maraming guro ang hindi pormal na sinanay sa pagbabaybay at mas nakatuon sa mas mataas na antas ng pagsusulat tulad ng lohika at estruktura. Dahil dito, nananatili ang mga kamalian sa pagbaybay ng mga mag-aaral. Sinuportahan ni Caines (2022) ang pananaw na ang wastong pagbabaybay ay bunga ng mahusay at may kamalayang pagtuturo na isinasaalang-alang ang sosyolingguwistikong konstruksyon ng bawat salita. Lumabas naman sa pag-aaral nina Abalos at Labendia (2022) na limitado ang antas ng kahusayan ng guro sa ortograpiya at walang makabuluhang epekto ang kasarian, antas ng pinag-aralan, o bilang ng pagsasanay sa kanilang kakayahan. Dahil dito, nananatiling hamon ang pagtuturo ng binagong Ortograpiyang Filipino, kaya mahalaga ang sistematikong pagkatuto upang maging epektibong modelo ang guro para sa mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 2| February2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

**Pagyakap sa Ortograpiyang Filipino**
Sa liwanag ng mga hamong kinakaharap ng mga guro, ilang pag-aaral ang nagbigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang pagtuturo ng pagbabaybay at ortograpiya. Ayon kina Hashemi at Ghalkhani (2020), mahalaga ang mataas na antas ng kasanayan ng guro sa pagbabaybay upang magamit nang wasto ang mga programang pang-edukasyon at makapagpatupad ng mga pagbabagong tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Binigyang-diin din ang patuloy na pagpapaigting ng kaalaman sa wika at ang wastong paggamit ng mga estratehiyang panturo. Sa mga kontekstong walang kolehiyong programang nakatuon sa ortograpiya, gaya ng sa Saudi Arabia, inirerekomenda ang aktibong pakikilahok sa mga worksyap at *seminar* upang mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng guro, na nakatutulong sa pagtaas ng kanilang kumpiyansa at motibasyon (Almaiman, 2022).

Bukod dito, binigyang-diin ni Harsanti (2020) ang kahalagahan ng pagkilala ng guro sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng angkop na interbensyon. Mahalaga rin ang maingat na pagtuturo at sistematikong pagtutuwid sa mga pagkakamali gamit ang iba't ibang estratehiya upang mapataas ang antas ng pagkatuto at kumpiyansa ng mga mag-aaral (Coronado, 2024). Inirekomenda naman ni Nejar (2023) ang paggamit ng mga awtentikong materyales at patuloy na pagsasanay, habang ipinakita ni Buendia (2021) na mas nagiging epektibo ang wastong pagbabaybay kapag ang Ortograpiyang Pambansa ay ipinapatupad mula pa lamang sa simula ng taon ng panuruan.

Sa kabuoan, malinaw na ang wastong pagbaybay ay nagsisilbing pundasyon ng literasiya at malinaw na diskurso sa wikang Filipino. Gayundin, ipinakikita ng mga literatura ang patuloy na kakulangan sa kahandaan at kumpiyansa ng mga guro, pati na ang pangangailangan para sa konkretong pagsasanay at estratehiyang angkop sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon. Bagaman may mga umiiral na gabay tulad ng Manwal sa Masinop na Pagsulat ng Komisyon sa Wikang Filipino, nananatiling hamon ang aktwal na aplikasyon nito sa silid-aralan—isang puwang na layong tugunan ng kasalukuyang pag-aaral.

## MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

### Ang Salaysay ni Maalab

### Kabiguan sa Oras, Kumpiyansa, at Pag-unawa sa Wika

Bilang tagapagsanay sa patimpalak na *"Iispel Mo!"* na nakatuon sa Ortograpiyang Filipino, ibinahagi ni Maalab ang mga panahong naramdaman niyang hindi niya ganap na nagampanan ang kaniyang tungkulin bilang guro. Inamin niyang sa simula ay nakaranas siya ng paghihirap; subalit ang mga hamong ito ang nagtulak sa kaniya na paghusayin ang paghahanda sa pamamagitan ng masusing pagbabasa at pagsangguni sa mga kaugnay na sanggunian sa Ortograpiyang Filipino upang makapagbigay ng angkop na kaalaman sa mga mag-aaral.

Sa pagbabahagi ni Maalab sa kaniyang mga kabiguan sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino, binigyang-diin niya ang **kakulangan ng sapat at tiyak na oras para sa pagsasanay.** Ani niya:
*Una sa lahat, masasabi kong wala akong eksaktong oras na nailaan sa pagsasanay dahil sa hindi pagtutugma ng iskedyul.*

Ang karanasang ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Ugwulashi (2011) sa pag-aaral nina Mpinganzima at Sikubwabo (2022), na nagpapakita na mahalagang salik ang oras sa epektibong pagpaplano at pagpapatupad ng pagtuturo. Ipinakita rin ng mga ito na ang kabiguan sa wastong pamamahala ng oras ay nagdudulot ng iba pang kabiguan partikular sa pagkamit ng mga layunin ng guro.

Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Maalab na ang kakulangan sa oras ay bunga rin ng iba niyang tungkulin sa paaralan na nangangailangan ng agarang pagtugon. Itinuring din niyang salik sa kabiguan ang limitadong sanggunian at kagamitang panturo; bagamat may Ortograpiyang Filipino, mahalaga pa rin ang paggamit ng iba't ibang materyales upang mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bukod dito, nakaranas din si Maalab ng **kabiguan sa pagpapaunawa sa tunay na halaga ng paggamit ng wika.** Ayon sa kaniya:
*Siguro ay nasa bahagi ng pagpapaunawa sa gamit ng wika. Sa aking palagay, dahil may pagkakataong hindi nagwagi, inisip ng mag-aaral na hindi siya naging epektibo sa pakikilahok sa patimpalak. Doon na rin huminto ang kaniyang pananaw na muling mag-aral o ipagpatuloy ang pag-aaral ng tamang baybay ng mga salita.*

Napagtanto ni Maalab na may bahagi ng kaniyang pagtuturo na hindi ganap na naipakikita ang pangmatagalang halaga ng wastong paggamit ng wika, kaya itinuturing niya ito bilang isang anyo ng kabiguan sa kaniyang tungkulin bilang guro. Maliban dito, aminado rin si Maalab na siya ay **nabigo sa pagpapanatili ng kumpiyansa ng mga mag-aaral**, na taliwas sa kaniyang mga itinuro at ibinahagi. Sa kaniyang paliwanag:
*Hindi niya nakamit ang inaakala niyang dapat niyang makamtan, kaya sa huli, siya ay huminto at hindi nagpatuloy. Nabawasan din ang kaniyang kumpiyansa, na sa aking palagay ay taliwas sa mga itinuro at ibinahagi ko sa kaniya.*

Ang mga karanasang ito ni Maalab ay napatunayan ni Bandura (1997) sa pag-aaral nina Colbeck, Cabrera, at Terenzini (2022), na ang mababang kumpiyansa sa sarili ay negatibong nakaaapekto sa partisipasyon, motibasyon, at akademikong pagganap ng mag-aaral. Binigyang-diin din ng pag-aaral ang mahalagang papel ng asal, pamamaraan, at impluwensiya ng guro sa pagpapalakas o pagpapahina ng kumpiyansa ng mag-aaral.

Sa kabuoan, ipinakita ng mga salaysay ni Maalab na bilang guro at tagapagsanay, nakaranas siya ng iba't ibang anyo ng kabiguan—sa paglalaan ng oras, sa pagpapaunawa sa tunay na halaga ng wika sa buhay ng mga mag-aaral, at sa pagpapanatili ng kanilang kumpiyansa. Gayunpaman, ang pagkilala sa mga kabiguang ito ay nagsilbing mahalagang hakbang upang mas mapagnilayan, mapagplanuhan, at mapabuti ang kaniyang pagtuturo sa hinaharap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 2| February2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Pag-unlad sa Akademikong Kasanayan at Kumpiyansa ng Mag-aaral**

Bilang karugtong ng kaniyang mga karanasan sa kabiguan, ibinahagi rin ni Maalab ang mga pagkakataong itinuring niyang tagumpay sa kaniyang tungkulin bilang guro at tagapagsanay. Ayon sa kaniya, ang kaniyang malawak na kaalaman sa Ortograpiyang Filipino at ang kaniyang mga karanasan bilang tagapagsanay ay naging daan upang siya ay mapili bilang tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino sa antas *Junior High School* sa kanilang distrito. Sa patuloy na pag-unlad niya bilang guro at tagapagsanay, higit niyang naipakita ang kahalagahan ng tamang paggabay. Bukod sa kaniyang personal na tagumpay, napansin din ni Maalab ang malinaw na pag-unlad ng kaniyang mga mag-aaral. Isa sa mga pinakatiyak na patunay nito ay **ang pagtamo ng mga mag-aaral ng mataas na marka** sa mga gawaing may kaugnayan sa paggamit ng kaalaman sa Ortograpiya o pagbaybay. Batay sa kaniyang isinalaysay:

*Ang pinakatiyak na halimbawa nito ay ang pagpasa ng mga mag-aaral sa asignatura, kung saan nakapagtamo sila ng mataas na marka at puntos sa bawat pagsusulit. Nagiging maganda ang kanilang mga resulta sapagkat, sa tuwing may pagsusulit, taglay nila ang sapat na kaalaman sa pagpapakahulugan, paggamit ng mga salita, at wastong baybay.*

Ang karanasang ito ay napatunayan ng isang pananaliksik na nagbibigay-diin na ang pag-unlad ng kasanayan ng guro sa pamamagitan ng *professional development* ay nagreresulta sa positibong epekto sa pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang paggamit ng natutuhan ng guro sa pagtuturo ay may direktang benepisyo sa pag-angat ng marka at pag-unlad ng mga estudyante (Park, Lee, Nelson, Cook, & Doabler, 2025).

Ibinunyag ni Maalab na nakatulong sa kaniyang tagumpay ang pakikipag-ugnayan sa mga kapuwa guro upang matukoy ang angkop na estratehiya para sa mga mag-aaral. Hinihikayat din niya ang paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa komunikasyon. Sa kaniyang muling pagsasalaysay ng tagumpay, inilahad niyang nakitaan niya ng **pag-unlad ang mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat at pagsasalita.** Wika niya:

*Maaaring ang sitwasyong maibabahagi ko sa ganitong pagkakataon na nagpapakita ng pag-unlad o unti-unting pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagbaybay ay ang paggamit nila ng mga salitang angkop at wasto sa pagsulat ng bawat pangungusap. Sa pagtuturo, kabilang ang makrong kasanayan, kung saan sila ay nagsusulat habang iniwawasto ko ang kanilang mga papel, nakikita ko ang pagbabago. Ang mga pagkakamali na dati'y akala nila'y tama, nang mabigyan ng panahon at maituro ang tamang baybay, ay nagagamit na nila sa loob ng klase.*

*Nariyan din ang paraan ng kanilang paggamit ng mga salita sa pasalitang pamamaraan, kung saan ang diin at tono ng pananalita ay nagiging angkop. Hindi lamang nila alam ang mga letra o titik ng salita, kundi mas nagagamit na rin nila ang mga ito sa wastong paraan at ayon sa angkop na konteksto ng paggamit ng wika sa loob ng klase. Isinasabuhay nila ito hindi lamang sa klase kundi pati sa pakikipag-ugnayan, pakikipagtalastasan, at pakikipag-usap gamit ang Wikang Filipino. Hindi lamang ito nakikita sa silid-aralan kundi pati sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.*

Sa mga aktibidad tulad ng pag-uulat at malayang talakayan, nakikita niya rin ang **paglago ng kumpiyansa ng mag-aaral.** Salaysay niya:

*Halimbawa, sa pag-uulat at malayang talakayan gamit ang Wikang Filipino, makikita kong natututo sila at umuunlad ang kanilang kakayahan sa wika. Sa tulong ng araw-araw na aralin, tumataas ang kanilang kumpiyansa at nagagamit ang mga salita upang mas mapaunlad at mapalawak ang pakikipagtalakayan,pakikipag-ugnayan, at pakikipagtalastasan sa mga kaklase sa loob ng silid-aralan.*

Batay sa mga salaysay ni Maalab hinggil sa mga tagumpay na kaniyang natamo, malinaw na ang kaniyang personal na pag-angat bilang guro at tagapagsanay ay nagsilbing mahalagang daan sa paglinang ng akademikong kasanayan, kaalaman, at kumpiyansa ng kaniyang mga mag-aaral. Ang ganitong karanasan ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Michie (2022) na nagpapakita na ang paglinang ng tiyak na kasanayang propesyonal sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay ay hindi lamang nagpapataas ng pagkakataon ng guro na umangat sa kaniyang karera, kundi nakapagpapabuti rin sa kalidad ng pagtuturo at nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, na humahantong sa mas mataas na antas ng akademikong pagganap.

Sa kabuoan, ipinapakita ng karanasang ito na ang paglago ni Maalab bilang guro—sa pamamagitan ng kolaborasyon sa kapuwa guro at patuloy na paghikayat sa paggamit ng wikang Filipino—ay nagbigay-daan sa tagumpay at pag-unlad ng kaniyang mga mag-aaral sa akademik, kasanayan, at kumpiyansa, na isang malinaw na kontra-hamon sa mga nakaraang kabiguan na kanyang naranasan.

**Pagtuturo nang may Tunguhin, Pagkamalikhain, at Simpatiya**

Mula sa kaniyang mga karanasan sa pagtuturo at paggabay sa mga mag-aaral, ibinahagi ni Maalab ang mga mahahalagang aral na kaniyang natutuhan bilang guro at tagapagsanay. Isa na nga rito ang kaniyang natutuhang **dapat ang isang guro ay mayroong tunguhin sa pagtuturo**. Diin niya:

*Isa sa mga mahahalagang aral na aking natutuhan ay dapat ang isang guro ay may malinaw na layunin sa bawat araw na pumapasok siya sa klase.*

Ang natutuhang aral na ito ni Maalab ay umaayon sa pag-aaral nina Manuel, Mempin, at Alde (2024) na naglalahad na ang pagkakaroon ng malinaw na layunin at maayos na plano bago magsimula ang pagtuturo ay nakatutulong sa mas matagumpay na pagganap ng mga mag-aaral, sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na direksyon sa proseso ng pagtuturo at nagsisilbing gabay sa pagkamit ng mga layunin ng pagkatuto.

Maliban dito, natutuhan din Maalab na kinakailangang **maging malikhain at mapanuri**. Sa isang klase na binubuo ng

tatlumpu hanggang apatnapung mag-aaral na may iba't ibang katangian, binigyang-diin niya ang pangangailangang kilalanin at suriin ang bawat mag-aaral upang matukoy kung saan dapat ituon ang pansin at kung paano higit na mapauunlad ang kanilang kakayahan. Sa kaniyang paliwanag:

*Mahalaga at makabuluhan para sa akin ang pagiging malikhain at mapanuri...Kailangan ang mapanuring pagkilala sa kanila upang matutukan at mapaunlad ang kanilang kakayahan. Kapag natukoy mo ang kanilang interes at kung ano ang makakahikayat ng kanilang atensyon, mas madali silang mahihikayat at mas epektibong matututo.*

Ang pananaw na ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Yudha, Rudiyanto, at Rohman (2024) na nagpapakita na ang malikha at mapanuring pamamaraan sa pagtuturo ng wika ay nagpapataas ng partisipasyon, nagpapalawak ng kasanayan sa wika, at nagpapalalim ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ayon sa kanila, ang pagiging malikhain ng guro ay isa ring mahalagang sukatan ng bisa ng pagtuturo sa loob ng klase.

Bukod sa pagiging malikhain, binigyang-diin din ni Maalab **ang kahalagahan ng simpatya sa pagtuturo.** Batay sa kaniyang karanasan, natutuhan niyang mahalagang damayan ang nararamdaman ng mag-aaral, kasabay ng pagpapaliwanag sa realidad ng kompetisyon, na may nananalo at may natatalo. Para kay Maalab:

*Ipakita sa kaniya ang simpatya at damayan ang kaniyang nararamdaman, ngunit huwag ding kalimutan na ituro na sa bawat patimpalak, may nananalo at may natatalo. Gayunpaman, sa mismong proseso ng pagsasanay, panalo na siya, sapagkat sa lahat ng mag-aaral na sinanay sa klase, siya ang higit na umangat, nagdala, at nagbigay ng pagkakakilanlan bilang kinatawan ng paaralan.*

Ang aral na ito ay pinagtitibay ng pag-aaral ni Dogra (2025) na nagbibigay-diin na ang simpatiya ng guro at ang pagtugon sa emosyonal na pangangailangan ng mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapataas ng partisipasyon, pagpapababa ng antas ng stress, at nagpapalaka sa kakayahan ng mga mag-aaral na harapin ang iba't ibang hamon sa akademikong gawain.

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga aral na natutuhan ni Maalab na ang pagkakaroon ng malinaw na layunin sa pagtuturo, pagiging malikhain at mapanuri sa pagtugon sa iba't ibang katangian ng mga mag-aaral, at pagpapamalas ng simpatiya sa kanilang karanasan ay mahalaga upang higit na mapaunlad ang kasanayan, interes, at emosyonal na kakayahan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto ng pagbaybay.

**Ang Salaysay ni Magiliw**

**Pagtamo ng Pagkatalo sa Kompetisyon**

Mula sa kaniyang karanasan bilang tagapagsanay, naranasan ni Magiliw ang tunay na kabiguan **nang hindi makamit ng kaniyang mag-aaral ang pagkapanalo.** Ayon sa kaniya:

*Naramdaman kong tunay na nabigo kami nang hindi namin nakuha ang pagkapanalo, at napagtanto ko rin na ganoon nga ang katotohanan.*

Sa kaniyang pagsalaysay, inihayag ni Magiliw ang katotohanang hindi siya ganap na nakatutok sa mga mag-aaral dahil sa dami ng gawain at iba pang tungkulin sa paaralan. Nagbibigay lamang siya ng printed na kopya ng Ortograpiya at nagsasagawa ng pagsasanay kapag may oras. Bukod dito, ang mababang disiplina at interes ng ilang mag-aaral, kasama ang limitadong oras at kakulangan sa sanggunian, ay pangunahing salik sa kabiguan na kaniyang naranasan.

Ang karanasang ito ni Magiliw, kasama ang mga nabanggit na salik, ay sinuportahan ng pag-aaral ni Hartati (2024), na nagsasaad na ang *academic supervision*—gaya ng regular na obserbasyon, *feedback*, at *coaching*—ay may positibong epekto sa pagganap ng guro, kabilang ang *managerial skills* at *instructional competence.* Kapag kulang o hindi epektibo ang superbisyon, bumababa ang kalidad ng pagtuturo, na posibleng makaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa mga akademikong gawain at kompetisyon.

Bagamat nakapagtamo ng kabiguan sa pag-abot ng tagumpay, ang karanasang ito ay nagbigay-daan kay Magiliw upang masuri ang kanilang proseso at tanggapin ang kabiguan, na nagsilbing batayan para sa mas maayos na paghahanda sa susunod na pagsasanay at kompetisyon.

**Pag-unlad sa Kaalaman at Kumpiyansa ng mga Mag-aaral**

Bilang guro at tagapagsanay, binigyang-diin ni Magiliw na ang tagumpay ay hindi palaging nasusukat sa pagkapanalo sa mga patimpalak. Para kay Magiliw, ang tunay na sukatan ng tagumpay ay nakikita sa **pag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aaral at pagtamo ng kumpiyansa.** Paliwanag niya:

*Kaya kahit hindi man tagumpay kung pagkapanalo ang pag-uusapan, isa pa rin sa maituturing kong tagumpay ang pag-unlad nila sa pagbabaybay.*

*Masasabi kong nagtatagumpay ako sa simpleng paraan. Tuwing nakikita kong may natututuhan ang mga mag-aaral, nagkakaroon sila ng kumpiyansa at nagiging aktibo sa pagtatanong sa tuwing may mga pagsasanay o drill kami. Kaya ang bawat maliit na pag-unlad ay itinuturing kong tagumpay, kahit wala kaming naiuuwing panalo.*

Ang tagumpay na ito ni Magiliw ay pinatunayan ng pag-aaral nina Liu, Zhou, Li, & Ye (2022) na nagsasabing bagamat nakapagpapalakas ng motibasyon ang kompetisyon upang magsikap at paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral, ang tagumpay sa akademikong patimpalak ay hindi lamang nasusukat sa pagkapanalo. Mas mahalaga ang pag-unlad sa pagkatuto, partisipasyon, at indibidwal na progreso, at ang labis na pokus sa panalo ay maaaring makalihis sa mas malalim na pag-unawa at *mastery*.

Sa patuloy na pagbahagi ni Magiliw, nabanggit niyang ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magtanong at linawin ang kanilang mga konsepto, lalo na sa mga nangangailangan ng mas masinsinang gabay ang iilan sa mga salik na nakatulong sa kaniya sa pagtamo ng naturang tgaumpay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 2| February2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Sa pangkalahatan, ipinapakita ni Magiliw na ang tunay na tagumpay sa pagtuturo ay nakikita sa pag-unlad ng kaalaman at kumpiyansa ng mga mag-aaral, higit pa sa pagkapanalo sa patimpalak. Ang pagbibigay ng gabay at pagkakataon sa mag-aaral na magtanong ay susi sa kanilang epektibong pagkatuto at aktibong partisipasyon.

**Paggabay at Pagbibigay-panagutan sa Mag-aaral**

Sa kaniyang karanasan bilang tagapagsanay, napagtanto ni Magiliw na hindi sapat ang simpleng pagbibigay ng materyales sa mga mag-aaral. Mahalaga aniya **ang patuloy na paggabay at pagbibigay panagutan sa mga mag-aaral** upang matiyak na nauunawaan nila ang aralin at naisasabuhay ang kanilang natutuhan. Ani niya:

*Bilang tagapagsanay, natutuhan kong mahalaga ang patuloy na paggabay. Kahit limitado ang oras, hindi sapat ang simpleng pagbibigay ng materyales; kailangan ang aktuwal na pagmo-monitor at pag-udyok sa mga mag-aaral.*

*Sa aking karanasan sa tagumpay at pagkabiguan bilang tagapagsanay, natutuhan kong mahalagang balansehin ang pagbibigay ng gabay at ang pananagutan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto. Ang kakulangan sa pagtutok ay maaaring magdulot ng kabiguan, ngunit sa pamamagitan ng kaunting follow-up at pagbibigay ng motibasyon ay maaari pa ring magbunga ng pag-unlad.*

Sinuportahan ang mga natutuhang aral na ito ni Magiliw ng pag-aaral nina Patzak at Zhang (2025), na naglalantad sa katotohanang ang paggabay ng guro na sabay na nagbibigay ng suporta at nagpapaalala sa responsibilidad ng estudyante ay nagpapataas ng motibasyon, partisipasyon, at kakayahang pamahalaan ang sariling pagkatuto.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng karanasan ni Magiliw na ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng patuloy na paggabay kasabay ng pagbibigay ng pananagutan sa mag-aaral, dahil ito ay nagpapaunlad sa kanilang pagkatuto, motibasyon, at kakayahang pamahalaan ang sarili.

**Ang Salaysay ni Mapagpunyagi**

**Pagkukulang sa Pansariling Kakayahan**

Bilang gurong tagapagsanay na nagtuturo ng pagbaybay at ortograpiya, ibinahagi ni Mapagpunyagi ang mga pagkakataong tunay niyang naramdaman ang kabiguan sa pagtuturo at paggabay sa mga mag-aaral. Ibinunyag niyang:

*Ang aking kabiguan rin ay ang **pakiramdam na hindi ako sapat,** hindi ganap na sanay, at hindi ganoon kalawak ang aking kaalaman; kinikilala ko rin sa aking sarili na kulang ako sa pagsisikap. Madalas kong iniisip na mahirap at nahihirapan ako.*

*Siguro masasabi kong nabigo ako bilang tagapagsanay sa puntong kinulang ang aking pagsisikap. Aminado ako rito; hanggang ngayon ay kulang pa rin ako sa pagsusumikap. Hindi ko naisagawa ang sariling pagsasanay na sana'y ginawa ko para sa aking sarili, at dahil dito, naging kahalintulad din ang aking paraan ng pakikitungo sa mga mag-aaral.*

Sinuportahan ang karanasang ito ng pananaliksik na naglalantad na kapag mababa ang tiwala ng guro sa sariling kakayahan *(self-efficacy)* at kulang ang paghahanda, mas mataas ang posibilidad na makaranas sila ng *burnout* at pakiramdam na hindi sapat ang kanilang pagtuturo dahil sa dami at tindi ng mga hamon sa klase (Pérez et al., 2023).

Sa kabuoan, ipinapakita ng karanasan ni Mapagpunyagi na ang kabiguan at limitasyon sa sarili ay sentral sa proseso ng pagtuturo, dahil ang kakulangan sa pagsisikap at paghahanda ay nagdudulot ng epekto sa epektibidad ng pagtuturo.

**Pagtanggap ng Aktibong Pakikilahok ng mga Mag-aaral**

Sa kabila ng personal kabiguang kaniyang kinaharap bilang tagapagsanay, dumating rin ang mga pagkakataong malinaw na nakita ni Mapagpunyagi ang bunga ng kaniyang paggabay. Para sa kaniya, ang tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa panalo sa patimpalak, kundi sa antas ng **aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral** sa proseso ng pagsasanay. Ipinakita rin ng pananaliksik na ang kooperasyon sa klase ay mas positibong kaugnay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral kaysa purong kompetisyon, at ang mga setting na may diin sa pagtutulungan ay nagreresulta sa mas mataas na akademikong outcomes (PISA, 2018).

*Isa sa mga tagumpay ko ay ang pagkakaroon ng isang daang porsyentong kooperasyon mula sa bata. Kapag sinabi mong pag-aralan ito, talagang naglalaan siya ng oras upang gawin. Isa rin sa masasabi kong tagumpay ko ay ang kanilang pagiging bukas at hindi pagtanggi sa aking mga mungkahi. Kapag sinasabi kong, 'Subukan natin ito,' lagi nilang sagot ay, 'Sige, Ma'am! Opo, Ma'am!'.*

Sa kabuoan, ipinakita ng karanasan ni Mapagpunyagi na ang tunay na tagumpay ay nasusukat sa aktibong pakikilahok ng mag-aaral, dahil ito ay nagdudulot ng mas mataas na pagkatuto, motibasyon, at pagiging bukas sa bagong kaalaman.

**Paglinang ng Kaalaman at Pagpapahalaga sa Wikang Filipino**

Mula sa kaniyang karanasan sa pagtuturo, nabuo kay Mapagpunyagi ang aral na marapat **pahalagahan ang wikang Filipino.** Giit niya:

*Unang-una, huwag maliitin ang Filipino.*

Ipinapahiwatig nito na ang wika ay hindi lamang asignatura kundi mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Darupan, Herminigildo, Maniego, Martinez, at Socorro (2024) na ang paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga asignatura ay napapadali ang proseso ng pagkatuto at mas napapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika. Kaakibat nito ang kaniyang pasya na **patuloy na linangin ang kaalaman** at hindi mananatili sa dati niyang paraan ng pagtuturo. Ani niya:

*Tuloy lang ako at palalakasin ko pa ang aking pagsisikap… bakit hindi ko subukan ang bago upang hindi ako manatiling hindi umuunlad.*

Ang mga aral na ito ni Mapagpunyagi ay naggigiit na aang mataas na *self-efficacy* at patuloy na pag-unlad ng kasanayan ng guro ay nagreresulta sa mas epektibong estratehiya sa

pagtuturo, pag-angat ng motibasyon ng mag-aaral, at pagpapabuti ng pagkatuto ng wika (Alibakhshi, Nikdel, & Labbafi, 2020).

Sa kabuoan, ipinapakita ng aral na ito na ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ay nakaugat sa bukas na isipan ng guro sa pagbabago at sa patuloy na pagkatuto, na nagsisilbing gabay sa mas makabuluhang pagtuturo at paggabay sa mga mag-aaral.

## REKOMENDASYON

Batay sa pagsusuri ng mga resulta at konklusyon, inirerekomenda ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Palakasin ang pamamahala ng oras at paghahanda ng guro sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay at paggamit ng iba't ibang sanggunian sa Ortograpiyang Filipino upang mapataas ang kumpiyansa at epektibong pagtuturo.
2. Itaguyod ang malinaw na layunin, malikhaing pamamaraan, at simpatiya sa pagtuturo upang mapalakas ang motibasyon, aktibong pakikilahok, at pagkatuto ng mag-aaral.
3. Sabayan ng paggabay at pagbibigay-panagutan ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahang pamahalaan ang sarili at ang kanilang akademikong kasanayan at kumpiyansa.
4. Patuloy na linangin at gamitin ang Wikang Filipino bilang kasangkapan sa pagkatuto at pagkakakilanlan ng mag-aaral, na nakatutulong sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto.
5. Iminumungkahi ang mas malalim at mas malawak na pananaliksik sa pagtuturo ng Ortograpiyang Filipino, partikular na nakatuon sa mga kabiguang lumitaw sa pag-aaral—kakulangan sa oras para sa pagsasanay, mababang kumpiyansa ng guro at ng mag-aaral, hindi ganap na pag-unawa sa halaga ng wika, at limitadong sariling kakayahan—upang makapagbigay ng mas kongkretong gabay sa pagpaplano at pagpapaunlad ng estratehiya sa pagtuturo.

## PANGWAKAS NA PAHAYAG

Sa kabuoan ng pananaliksik na ito, aking napagtanto na ang pagtuturo ng pagbaybay at ortograpiya ay higit pa sa pagtuturo ng tamang pagsulat ng mga salita. Ito ay tungkol sa pagbibigay-daan sa mag-aaral na magkaroon ng kumpiyansa sa paggamit ng wika, maunawaan ang halaga nito, at maging aktibo sa kanilang pagkatuto.

Napagtanto ko rin na ang mga kabiguan at salik nito sa pagtuturo ay hindi dapat ituring na hadlang kundi pagkakataon upang mas paghusayin ang pamamaraan at mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang bawat maliit na tagumpay, bawat pag-unlad sa kaalaman at kumpiyansa ng mag-aaral, ay nagsisilbing patunay ng kahalagahan at saysay ng pagtuturo.

Sa huli, aking nadama na ang puso, malasakit, dedikasyon at tiyaga sa pagtuturo ng pagbaybay at ortograpiya ang tunay na susi upang makabuo ng mag-aaral na may kasanayan, kumpiyansa, at pagmamahal sa sariling wika.

## REFERENCES

1. *Abalos, D. M., & Labendia, F. (2020). AngKahusayan sa Pagtuturo sa Binagong Ortograpiyang Filipino ng mga Guro sa Sekundarya, Lungsod ng Catbalogan. SSU - Digital Archive for Theses and Dissertations, 36(1), 1–114. https://datd.ssu.edu.ph/index.php/datd/article/view/33*
2. *Alibakhshi, G., Nikdel, F., & Labbafi, A. (2020). Exploring the consequences of teachers' self-efficacy: A case of teachers of English as a foreign language. Asian-Pacific Journal of Second and Foreign Language Education, 5(1), Article 23. https://doi.org/10.1186/s40862-020-00102-1*
3. *Almaiman, I. H. (2022). English Spelling and Saudi EFL learners: An evaluation of teachers' perceptions and knowledge. Journal of Language and Linguistic Studies, 18(0). https://www.jlls.org/index.php/jlls/article/view/4021*
4. *Buendia, A. (2021). Ortograpiyang Pambansa: Pagpapayaman Ng Kakayahan Sa Pagbaybay Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 6 Sa Rosario West Central School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2F). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8977*
5. *Bugtong, E. B., Demot, D. B., Dicang, V. J. P., Mang-usan, M. P., Molina, H. B., Olesio, M. A., & Eguia, M. L. G. (2024). Hanap-salita: Pagbabaybay sa wikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(5), 314–322. https://cognizancejournal.com/vol4issue5/V4I538.pdf*
6. *Caines, A. (2022). An Instructional Approach to Teaching Spelling: Word Study. BU Journal of Graduate Studies in Education, 14(4), 4–12. https://eric.ed.gov/?id=EJ1372847*
7. *Cimagala, C., Colegado, M., & Matugas, M. (2023). Improving Spelling Skills Of Students Through Project (Segaw) Spelling Enhancement Through Gadget And Alternative Worksheets. https://gingoog.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2024/03/Cimagala-et-al.pdf*
8. *Colbeck, C. L., Cabrera, A. F., & Terenzini, P. T. (2022). Overcoming obstacles: Examining the effects of low self-confidence on student learning. International Journal of Political Science and International Relations (IJPSIR), 13(2), 26–44. Retrieved from https://zapjournals.com/Journals/index.php/IJPSIR/article/view/811*
9. *Coronado, R. (2024). IJAMS 521 The Most Common Spelling Errors Among Learners Of English of San Juan Elementary School: Management Of Causes and Remedies. International Journal Of Advanced Multidisciplinary Studies, IV, 2799-0664. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/06/5-IJAMS-MAY-2024-521-533.pdf*
10. *Daffern, T., & Mackenzie, N. M. (2023). A case study on the challenges of learning and teaching English spelling: Insights from eight Australian students and their teachers. Literacy, 54(3). https://doi.org/10.1111/lit.12215*
11. *Dahal, N., Neupane, B. P., Pant, B. P., Dhakal, R. K., Giri, D. R., Ghimire, P. R., & Bhandari, L. P. (2024). Participant selection procedures in qualitative research: Experiences and some points for consideration. Frontiers in Research Metrics and Analytics, 9, 1512747. https://doi.org/10.3389/frma.2024.1512747*
12. *Darupan, J. M., Herminigildo, L. M., Maniego, S. C., Martinez, E. G., & Socorro, L. V. (2024). Kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga asignatura sa Panitikan, Kultura at Kasaysayan ng Pilipinas sa mga mag-aaral na medyor sa Filipino. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(2).*

*https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13502*

13. *Dogra, S. (2025). Teacher empathy and student emotional development. Integrated Journal for Research in Arts and Humanities, 5(6), 7–12. https://doi.org/10.55544/ijrah.5.6.2*
14. *Harsanti, H. R. (2020). The Use of Orthography to Increase Young Learners' Basic Literacy: Spelling Ability. ELT Worldwide: Journal of English Language Teaching, 7(2), 89. https://doi.org/10.26858/eltww.v7i2.13859*
15. *Hartati, S. (2024). The effect of academic supervision on teacher's performance. PPSDP International Journal of Education, 3(2), 434–447. https://doi.org/10.59175/pijed.v3i2.361*
16. *Hashemi, A., & Ghalkhani, O. (2020). The Impact of Different Teaching Strategies on Teaching Spelling to Kindergarten Children. Journal of Language Teaching and Research, 7(4), 730. https://doi.org/10.17507/jltr.0704.13*
17. *Kinley, M., Siador, S. B., Rochelle, Ma., Beniyat, A. Y., & Mang-usan, M. P. (2023). Antas ng Kasanayan sa Wastong Pagbabaybay sa Kapangan National High School. Cognizance Journal, 3(12), 238–257. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.020*
18. *Liu, Y.-J., Zhou, Y.-G., Li, Q.-L., & Ye, X.-D. (2022). Impact study of the learning effects and motivation of competitive modes in gamified learning. Sustainability, 14(11), 6626. https://doi.org/10.3390/su14116626*
19. *Manuel, P. J., Mempin, J. R., & Alde, M. A. (2024). Unveiling the strategic planning of teachers, performance task outcome and learning style of students. International Journal for Research and Innovation in Social Science, 7(1), 565–581. https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2024.801043*
20. *Mendoz, J. T. (2020). Improving the Spelling Skills of Grade Four Pupils in Tulay Elementary School through Word Recognition. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2E).*
21. *Michie, S. (2022, August 23). The effect a teacher's professional development has on student achievement. IMSE Journal. https://journal.imse.com/teacher-pd-and-student-achievement/*
22. *Mpinganzima, S., & Sikubwabo, C. (2022). Time management, program completion and academic achievement (Voice of Research, 11(2), pp. 13–?). Voice of Research. https://www.voiceofresearch.org/Doc/Sep-2022/Sep-2022_2.pdf*
23. *Nejar, M. (2023). Pupils' Writing And Spelling Abilities Through Diary Writing. In International Research Journal of Modernization in Engineering Technology and Science (pp. 2582–5208). https://www.irjmets.com/uploadedfiles/paper//issue_10_october_2023/45267/final/fin_irjmets1697293656.pdf*
24. *Oakley, G., & Oakley. (2020). Early Career Teachers' Knowledge and Practice in Spelling Instruction: Insights for Teacher Educators. Australian Journal of Teacher Education, 43(12), 43. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1200715.pdf*
25. *Park, S., Lee, Y. R., Nelson, G., Cook, M. A., & Doabler, C. T. (2025). Teacher professional development and student mathematics achievement: A meta-analysis of the effects and moderators. Education Sciences, 15(9), 1177. ://www.mdpi.com/2227-7102/15/9/1177*
26. *Patzak, A., & Zhang, X. (2025). Blending teacher autonomy support and provision of structure in the classroom for optimal motivation: A systematic review and meta-analysis. Educational Psychology Review, 37, 17. https://doi.org/10.1007/s10648-025-09994-2*
27. *Pérez, A., Fernández, R., & López, M. (2023). The effect of teacher self-efficacy, teacher resilience, and emotion regulation on teacher burnout: A mediation model. Frontiers in Psychology, 14, 1185079. https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/fpsyg.2023.1185079/full*
28. *Smith, A. (2023). Research guides: Research methodologies: Qualitative research methodologies. Uvu.libguides.com. https://uvu.libguides.com/methods/qualitative*
29. *Sultani, A. N., & Himat, A. N. (2021). Impacts Of Spelling Problems On Efl Students' Writing Skill At Kandahar University, Kandahar, Afghanistan. European Journal of Education Studies, 8(4). https://doi.org/10.46827/ejes.v8i4.3668*
30. *Tavárez, P., Costa, D., Fransheska, R., & Arias, B. (2021). i A case Study on the Use of Spelling as a Determining Factor in Teaching English Grammar in Dominican Schools.*
31. *Treiman, R. (2021). Teaching and Learning Spelling. Child Development Perspectives, 12(4), 235–239. https://doi.org/10.1111/cdep.12292*
32. *Yudha, E. K., Rudiyanto, R., & Rohman, R. (2024). Integrating creativity and technology in English language teaching: A systematic review of pedagogical innovations and assessment strategies in EFL contexts. ELT Worldwide: Journal of English Language Teaching, 11(2), 655–675.https://doi.org/10.26858/eltww.v11i2.65575*
33. *Zhang, L., & Xing, H. (2023). The interaction of orthography, phonology and semantics in the process of second language learners' Chinese character production. Frontiers in Psychology, 14. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1076810*